

Maglulunsad ang estado ng bagong round ng mga grant para sa maliit na negosyo mula sa Working Washington sa Marso 29

Nakatuon ang pinakabagong grant sa mga tradisyonal na negosyong personal na nag-aalok ng mga produkto at serbisyo sa mga kostumer nito sa isang opisina o tindahang pagmamay-ari o inuupahan ng negosyo, na direktang naapektuhan ng mga hakbang para sa pampublikong kalusugan bilang pag-iingat sa COVID-19

Kagawaran ng Komersyo ng Estado ng Washington (KBubuksan ng Washington State Department of Commerce) ang mga aplikasyon para sa Working Washington Grants: Round 4 sa Marso 29. Makikita ng mga may-ari ng negosyo ang impormasyon tungkol sa programa at ang link sa portal ng aplikasyon sa commercegrants.com.

Ito ang ikaapat na round ng programa ng pagbibigay ng grant mula sa Working Washington. Inaprubahan ng mga mambabatas ang \$240 milyon para sa kasalukuyang round bilang bahagi ng [batas para sa maagang pag-aksyon](#) na nagbibigay rin ng karagdagang pagpopondo para sa tulong sa renta at iba pang pagsisikap bilang tugon sa COVID-19.

Kasama sa ilang pamantayan na ibinalangkas sa batas na ito ang:

- Dapat mag-apply ang mga negosyo sa igagawad na grant para sa mga ginastos mula Marso 1, 2020 hanggang ika-30ng Hunyo, 2021.
- Dapat na isaalang-alang ng Commerce ang nakaraang award ng Working Washington na ipinamahagi ng ahensya o mga kaanib na kasosyo. Ibig sabihin nito, mag-iiba-iba ang mga award. Ang pinakamalaking grant na igagawad ay \$25,000.
- Dapat na ipamahagi nang pantay-pantay ang mga grant sa buong estado at sa mga populasyong di-gaanong napagsisilbihan at napagkakaitan.

Nakatuon ang mga grant na ito sa mga for profit (para sa kita) na maliit na negosyo sa mga industriyang malaki ang ginastos sa kanilang operasyon, at napaharap sa pinakamalalaking hamon sa pagbabayad ng mga gastusing iyon dahil inatasan silang magsara. Kabilang sa malalaking gastusin pero hindi limitado, ang renta, tubig at kuryente, pasuweldo o personal protective equipment.

Susuriin ang mga karapat-dapat na aplikasyon batay sa sumusunod na pamantayan sa priyoridad:

- Mga industriyang kinailangang magsara dahil sa mga hakbang para sa kaligtasan at pampublikong kalusugan.
- Laki ng negosyo (sinusukat sa pamamagitan ng kinita noong 2019).
- Nawalang kita mula 2019 hanggang 2020, pati na rin ang karagdagang nagastos para panatilihin ang ligtas na operasyon.
- Para matiyak ang pantay-pantay na distribusyon, isasaalang-alang rin ng Commerce ang mga negosyong nagpapatakbo sa kanayunan o komunidad na

may mababang kita o negosyong pagmamay-ari ng isang tao na nagmula sa populasyon na di-gaanong napagsisilbihan (minority, beterano, LGBTQ+ o pag-aari ng kababaihan).

Magbubukas ang portal ng aplikasyon hanggang 5:00 PM PDT sa Abril 9. Ang impormasyon at teknikal na tulong sa aplikasyon ay available sa maraming wika at [maa-access](#) ito ng iba't ibang taong may kapansanan.

Simula Marso 22, maaari nang matawagan ng mga negosyo ang sentro sa teknikal na tulong ng Commerce sa (855) 602-2722. Magbubukas sa Marso 29 ang sentro sa pagtawag para sa karagdagang wika. Maaaring bisitahin ng mga may-ari ng negosyo ang [commercegrants.com](#) para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kwalipikasyon, mga dokumentong kinakailangan para mag-apply at kung paano makikipag-ugnayan para sa tulong.

Idinidetalye ng [interaktibong ulat](#) na ito ang distribusyon mula sa mga naunang grant ng Working Washington at mga grant para makabangon. Makikita ang buod ng mga pagsisikap ng Commerce bilang tugon sa COVID-19, kasama na ang mga grant para sa negosyo at mga nonprofit grant [dito](#).